

ANG MAHALAGANG ARAW

7

ARALIN

TALAN NG MGA TATALAKAYIN

- Pagsusuri at Muling Pagsusuri
- Mga Isyu sa Huling Sandali
- Pag-eensayo

MGA LAYUNIN

Susuriin ng mga estudyante ang kanilang plano ng pagkilos at titiyakin na natapos na nila ang bawat hakbang ng kanilang pagpaplanong proyekto.

Mag-iisip ng mga ideya ang mga estudyante at gagawa ng mga plano ng pagkilos upang tugunan ang mga isyu sa proyekto sa huling sandali.

Gagawa ang mga estudyante ng isang talaan ng mga tatalakayin para sa proyekto.

MGA KINAKAILANGANG MATERIALES

- Isang malaking piraso ng papel at isang marker para sa bawat grupo ng dalawa hanggang tatlong estudyante (Bahagi II)

Bahagi I: Pagsusuri at Muling Pagsusuri

Layunin: Titiyakin ng mga estudyante na natapos na nila ang bawat hakbang sa pagpapalano ng proyekto.

1. Tatalakayin ng mga estudyante ang kahalagahan ng pagsusuri at muling pagsusuri.

Hilingin sa mga estudyante na itaas ang kanilang mga kamay kung nakapag-empake na sila ng bag na dadalhin sa isang overnight trip o sleepover. Tanungin ang mga estudyante kung nakalimutan na ba nilang mag-empake ng isang gamit na kailangan nila, tulad ng toothpaste o toothbrush. Tanungin ang mga estudyante na iyon kung alam ba nila noong umalis sila ng bahay na hindi nila na-empake ang bawat gamit na kakailanganin nila.

Paalalahanan ang mga estudyante na nakagawa na sila ng mga listahan ng materyales, mga timeline, at mga plano para sa kanilang proyekto ng pagkatuto sa serbisyo. Sabihin sa kanila na pagkatapos ng lahat ng gawaing iyon, sayang naman kung hindi magiging ayon sa plano ang lahat dahil lamang sa may nakalimutan sila. Ipaliwanag sa mga estudyante na mahalagang suriin muli ang lahat tungkol sa kanilang proyekto, kahit na halata ito.

2. Muling susuriin ng mga estudyante ang bawat hakbang ng kanilang proyekto.

Bigyan ng gawain ang mga estudyante sa maliliit na grupo na may dalawa o tatlong miyembro upang suriin ang kanilang plano ng pagkilos, mga checklist, mga iskedyul, at mga status memo. Ipaulat sa bawat grupo kung natapos na ba ang bawat hakbang ng kanilang pagpapalano o kung ginagawa pa rin nila ang ilang bahagi ng plano ng pagkilos.

Bahagi II: Mga Isyu sa Huling Sandali

Layunin: Mag-iisip ng mga ideya ang mga estudyante tungkol sa mga isyu at pangangailangan sa proyekto sa huling sandali.

1. Mag-iisip ng mga ideya ang mga estudyante tungkol sa mga pangangailangan sa proyekto sa huling sandali.

Ipag-brainstorm sa buong klase ang mga pangangailangan, isyu, o potensyal na problema sa proyekto sa huling sandali. Ipasulat sa isang volunteer ang mga resulta sa pisara. Hikayatin ang mga estudyante na pagtuunan ng pansin ang pagtukoy sa lahat ng isyun bago talakayin o tugunan ang alinman sa mga ito.

2. Gagawa ng mga plano ng pagkilos ang mga estudyante upang tugunan ang mga isyu sa huling sandali.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang pinakamahusay na paraan upang matiyak na matutugunan ang bawat isyung natukoy nila ay ang gumawa ng mga maliliit na plano ng pagkilos. Bigyan ng gawain ang mga estudyante sa maliliit na grupo na may dalawa o tatlong miyembro, kung saan ang bawat grupo ay isasaalang-alang ang isa o dalawang isyu, tutukuyin ang mga detalye ng isyung iyon, at gagawa ng plano para harapin ang isyu. Bigyan ang bawat grupo ng isang malaking piraso ng papel at isang marker. Dapat isulat ng mga estudyante ang kanilang mga plano sa malaking piraso ng papel. Ipaulat sa mga grupo sa harap ng buong klase ang kanilang mga plano.

Bahagi III: Pag-eensayo

Layunin: Sasanayin ng mga estudyante sa bawat hakbang ng kanilang proyekto ng pagkatuto sa serbisyo.

1. Gagawa ang mga estudyante ng proyekto ng pag-eensayo.

Bilang isang klase, ipasagawa sa mga estudyante na isa-isahin nang pasalita ang bawat hakbang ng kanilang proyekto ng pagkatuto sa serbisyo, simula sa kanilang pagdating sa paaralan sa umagang iyon at magtatapos sa kanilang pag-alis mula sa paaralan sa pagtatapos ng araw. Dapat ilarawan ng mga estudyante kung ano ang mangyayari sa bawat bahagi ng araw at kung gaano katagal ang bawat hakbang.

2. Gagawa ang mga estudyante ng isang talaan ng mga tatalakayin.

Habang inilalarawan ng mga estudyante ang araw ng kanilang proyekto, isulat ang kanilang mga paglalarawan at mga pagtatantya ng oras sa pisara. Tulungan ang mga estudyante na gamitin ang impormasyong ito upang gumawa ng talaan ng mga tatalakayin para sa araw ng proyekto. Hikayatin ang mga estudyante na isulat o i-type ang kanilang tatalaan ng mga tatalakayin at mamahagi ng mga kopya sa lahat ng kalahok.